Para sa tulong sa:

Maliliit na Dapat-matanggap: Makipag-usap sa Tagapayong Pambatas Ukol sa Maliliit na Dapat-matanggap, isa-sa-isa.

Civic Center Courthouse, Silid 103
8:30 – 11:30 a.m. & 1:00 – 4 p.m.
Lunes – Biyernes
(unang dumating-unang pagsisilbihan)
O, tawagan ang Tagapayo sa:
415-292-2124

Batas na Pampamilya: Pumunta sa Family Law Self-Help Center.

Civic Center Courthouse, Silid 317
8:30 – 12 noon & 1:30 – 4 p.m.
Lunes – Huwebes
(unang dumating-unang pagsisilbihan — sila ay labis na abala, kaya pumunta nang maaga!)
O para sa 24-na-oras na nakarekord na impormasyon, tumawag sa: **415-551-3991**

Utos na Pagpigil ng Panliligalig na Sibil: Humingi ng tulong sa pagsagot sa mga porma:

Civic Center Courthouse, Silid 206
1:30 – 4:30 p.m., Lunes – Biyernes

Trapiko: Alamin ang tungkol sa mga workshop kung paano lalabanan ang iyong tiket:

Hall of Justice, Silid 101
O pumunta sa:
www.ci.sf.us/courts
Ang mga workshop ay ginaganap minsan sa isang buwan, sa Ingles at Espanyol.

Pagiging Tagapangalaga: Kumuha ng pakete at tulong sa iyong mga porma.

Civic Center Courthouse
Silid 202 o 103
O, upang makipagtipan, pumunta sa Silid 202. O tumawag sa: **415-551-3650**

Paano kung kailangan ko ng tulong?

Ang Hukuman ng San Francisco ay makakatulong sa iyo nang libre, kung:

- ang iyong kaso ay hindi isang kasong kriminal, at
- wala kang abugado.

Kung ikaw ay may abugado, hindi mo magagamit ang aming mga serbisyo dahil ang iyong abugado ang siyang dapat tumulong sa iyo.

Kung gusto mong kumuha ng abugado, tawagan ang Serbisyong Pagrekomenda ng Abugado ng Asosasyon ng Bar ng San Francisco: **415-989-1616**

Kailangan ng karagdagang tulong?

Pumunta sa:

ACCESS Center
Civic Center Courthouse,
Silid 208
400 McAllister Street
San Francisco, CA 94102
(kanto ng Polk at McAllister)

Ang mga oras na bukas ang ACCESS ay:

Lunes	1:30 - 4:00
Martes	8:30 - 12:00
Miyerkules	8:30 - 12:00
	1:30 - 4:00
Huwebes	8:30 - 12:00
Biyernes	8:30 - 12:00

Saan ako pupunta?



ACCESS

Patnubay sa

San Francisco Superior Court
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

415.551.5880
www.ci.sf.ca.us/courts

Saan ako pupunta?

Ang mga kaso sa trapiko ay nasa Hall of Justice:
850 Bryant St.
San Francisco, CA 94103
Muni: linya 19, 47, 12, at 27

Ang lahat ng ibang mga kaso ay nasa Civic Center Courthouse:
400 McAllister Street
San Francisco, CA 94102
(kanto ng Polk at McAllister)
sa BART: kunin ang paglabas ng Civic Center.
Muni: linya 5, 42, 47, 49, F, J, K, L, at M

Saan ako makakakuha ng mga pormang panghukuman at maghaharap ng mga papel na panghukuman?

Para sa mga kasong **Sibil, Maliliit na Dapat-matanggap** o **Pamana**, pumunta sa:

Civic Center Courthouse, Silid 103

Para sa kasong **Batas ng Pampamilya** (maliban sa paglabag ng kabataan sa batas), pumunta sa:

Civic Center Courthouse, Silid 402
(Makakakuha ka rin ng mga porma sa Silid 103.)

Para sa mga kaso sa **Trapiko** ng mga may sapat na gulang, pumunta sa:

Hall of Justice, Silid 101

Ano ang nagaganap sa Hukumang Superyor ng San Francisco?

Ang Hukumang Superyor ng San Francisco ay humahawak ng lahat ng mga kasong kriminal at sibil. Mayroong mga espesyal na departamento para sa iba-ibang uri ng kaso, kabilang ang:

- **Pangkalahatang Sibil:** Ang pinakakaraniwang kasong sibil ay: personal na pinsala, pinsala sa ari-arian, mga kontrata, pagbabago ng pangalan, at panliligalig na sibil.
- **May-ari/Umuupa:** Mga di-pinagkakasunduan tungkol sa pag-upa o pagpaaarkila ng ari-arian tulad ng pagpapaalis.
- **Malillit na Dapat-matanggap:** Mga kaso na $5,000 o mas mababa ang pinagtatalunan. Sa Hukuman ng Maliliit na Dapat-matanggap, ang bayad sa paghaharap ay napakababa, ang proseso ay labis na di-pormal at hindi ka pinahihintulutang magdala ng abugado.
- **Batas na Pampamilya at Kabataan:** Mga kaso na nakakaapekto sa mga pamilya, tulad ng pagiging tagapangalaga ng anak o pagbisita, suporta sa anak, diborsiyo, karahasan sa tahanan, abuso o pagpapabaya sa anak, mga pag-ampon, at karamihan sa mga kasong may kinalaman sa mga bata.
- **Trapiko:** Mga kasong tulad ng mga paglabag sa pagmamaneho o mga tiket na "fix-it."
- **Pamana:** Mga kaso tungkol sa kung ano ang mangyayari sa ari-arian ng isang tao kapag namatay ito, mga ipinagkakatiwala, pangangalaga ng mga anak, at pangangalaga ng mga may sapat na gulang na hindi mapangalagaan ang mga arili.
- **Kriminal:** Mga kaso na nag-aakusa sa isang tao ng krimen, pagnanakaw, pagbebenta ng droga, o pagpatay. Ang mga kasong ito ay dinidinig sa Hall of Justice.

Paano kung gusto kong makita ang aking file sa hukuman?

Kung gusto mong makita o kumopya ng mga dokumento sa iyong file sa hukuman, pumunta sa:
Civic Center Courthouse,
Public Viewing, Silid 103
(sa dulo ng bulwagan)
Upang tingnan ang iyong court file sa Trapiko, pumunta sa:
Hall of Justice, Silid 101

Karamihan sa mga rekord ay pampubliko. Pero, ang ilan ay maaaring kompidensiyal. Ito ay nangangahuluan na hindi ka pinahihintulutan na makita ang mga ito.

Paano kung hindi ako nagsasalita ng Ingles?

Puwede kang magdala ng sariling tagasalin. O, kung wala kang tagasalin, makakatulong kami sa iyo.

Mayroon kaming impormasyon sa maraming wika. Mayroon din kaming mga tauhan na makakatulong sa iyo sa maraming wika.

Tandaan:

Hindi ka namin mabibigyan ng tagasalin sa iyong pagdinig. Magdala ng isang taong makakapagsalin para sa iyo sa araw ng iyong pagdinig.